REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-111

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA MGA MAY-ARI NG SUBDIVISION SA NASASAKUPAN NG HURISDIKSIYON NG MUNTINLUPA NA MAGAMIT BILANG ALTERNATE ROUTE ANG KANILANG MGA DAAN O KALSADA UPANG MALUNASAN O MAIBSAN ANG HUMIHIGPIT NA SULIRANIN SA PAGSISIKIP NG TRAPIKO.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Lucio B. Constantino

*************************************************************

SAPAGKAT, ang ating pampublikong daan at kalsada maging lokal o nasyonal ay hindi sapat upang pagsilbihan at lunasan ang lumalaking pangangailangan ng mga motorista tungo sa maayos na daloy ng trapiko;

SAPAGKAT, ang lumalalang pagsisikip ng trapiko ay tunay na nagdudulot ng di mapantayang abala sa lahat ng sektor ng ating pamayanan;

SAPAGKAT, kung ang mga daan at kalsada na napapaloob sa mga subdivision ay magiging laging bukas upang magamit na alternate route ng trapiko, ito ay malaking tulong upang umayos at guminhawa ang daloy ng trapiko;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na humiling sa mga may-ari ng subdivision sa nasasakupan ng hurisdiksiyon ng Muntinlupa na magamit bilang alternate route ang kanilang mga daan o kalsada upang malunasan o maibsan ang humihigpit na suliranin ng pagsisikip ng trapiko.

SEKSIYON 1 - Hilingin sa pamamagitan ng Punongbayan sa mga may-ari ng subdivision na magamit ang kanilang mga piling daan bilang alternate route bilang isang kasagutan sa lumalalang pagsikip ng trapiko.

SEKSIYON 2 - Pagbibigay ng kaukulang kapangyarihan sa Punongbayan na pumasok sa kasunduang kagalingan sa mga may-ari ng subdivision ukol sa paggamit ng mga daan na napapaloob sa kanilang subdivision upang matagumpay na maisakatuparan ang layunin ng kapasiyahang bayan na ito.

PINAGTIBAY NG HIGIT NA NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-62nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-8 ng Nobyembre, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa Kalakhang Maynila.

PINATUTUNAYAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(absent)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

(abstained)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng Punongbarangay

(absent)
KGG.MIGUEL LUIS F.RIOS,JR
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang.Kab.

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan